**Kagawaran ng Katarungan sa Estados Unidos**
*Dibisyon para sa mga Karapatang Sibil*

**Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos**
*Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil*
*Tanggapan ng Pangkalahatang Tagapayo*

06.05.11

Mahal naming Kasamahan:

Sa ilalim ng batas Pederal, ng Estado at ng mga lokal na ahensiya para sa edukasyon (mula rito'y tatawaging "mga distrito") ay kinakailangang magkaloob sa lahat ng mga bata ng pantay na pagkakataon na magkaroon ng pampublikong edukasyon sa antas ng elementarya at sekundarya.Kamakailan lamang ay napag-alaman namin ang mga kalakaran sa pagpapalista sa mga estudyante na maaaring, o magresulta sa hindi pagsama sa mga estudyante dahil sa aktuwal o hinihinalang katayuan sa kanilang imigrasyon o ng kanilang mga magulang o tagapangalaga. Ang mga gawaing ito ay labag sa batas Pederal. Ang Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos (United States Department of Justice) at ang Kagawaran ng Edukasyon sa Estados Unidos (United States Education Department) ay parehong sumusulat upang ipaalala sa inyo ang inyong Pederal na obligasyon na magkaloob ng pantay na pagkakataon sa pag-aaral ng lahat ng mga bata na naninirahan sa nasasakupan ng inyong distrito at naghahandog sa inyo ng tulong upang tiyakin na makakasunod kayo sa batas.

Ang mga Kagawaran ay nagpapatupad ng maraming batas na nagbabawal sa diskriminasyon, kasama ang Titles IV at VI ng Titles IV and VI of the Civil Rights Act of 1964. Ipinagbabawal sa Title IV ang diskriminasyon dahil sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, ilan lamang sa marami pang bagay, sa pampublikong paaralang elementarya at sekundarya. 42 U.S.C. § 2000c-6. Ipinagbabawal sa Title IV ang diskriminasyon mula sa mga tumantanggap ng pinansyal na tulong Pederal dahil sa lahi, kulay o bansang pinagmulan.42 U.S.C. § 2000d. Dagdag pa rito, sa mga regulasyon sa Title VI ay ipinagbabawal sa mga distrito ang hindi makatarungang paggamit ng mga pamantayan o pamamaraan ng pangangasiwa na ang epekto ay diskriminasyon sa mga indibidwal dahil sa kanilang lahi, kulay, o bansang pinagmulan, o ang epekto ay ang pagbigo o malaking paghadlang sa pagtupad ng mga layunin ng programa para sa indibidwal na mula sa partikular na lahi, kulay o bansang pinagmulan.*Tingnan ang* 28 C.F.R. § 42.104(b)(2) at 34 C.F.R. § 100.3(b)(2).

Bilang karagdagan, ang Pinakamataas na Hukuman ng Estados Unidos ay naninindigan sa kaso ni *Plyler v. Doe*, 457 U.S. 202 (1982), na hindi maaaring ipagkait ng Estado ang pangunahing pampublikong edukasyon sa sinumang bata na naninirahan sa Estado, legal man o hindi ang pananatili nito sa Estados Unidos. Ang pagkakait sa mga "walang malay na bata" ng pampublikong edukasyon, paliwanag ng Hukuman, "ay magtatakda ng habambuhay na kahirapan sa hindi nalalamang klase ng mga batang hindi maaaring sisihin dahil sa katayuan nila na siyang humahadlang.... "Sa pagkakait sa mga batang ito ng pangunahing edukasyon, ipinagkakait natin sa kanila ang kakayahan na makapamuhay sa loob ng istruktura ng ating mga institusyong pantao, at nagsasara ng anumang makatotohanang posibilidad na makapag-ambag sila kahit sa pinakamaliit na paraan sa pag-unlad ng ating Bansa." *Plyler*, 457 U.S. at 223 Tulad ng ipinaliliwanag ni *Plyler*, ang hindi dokumentado o ang hindi pagka-mamamayan na katayuan ng isang estudyante (o ng kanyang magulang o tagapangalaga) ay walang kinalaman sa karapatan ng estudyante sa elementarya o sekundarya na pampublikong edukasyon.

Upang makasunod sa mga batas Pederal na ito para sa karapatang pantao, at gayundin sa mga ipinatutupad ng Supreme Court, kailangang tiyakin ninyo na hindi kayo magkakaroon ng diskriminasyon dahil sa lahi, kulay o bansang pinagmulan, at hindi ninyo pipigilan ang mga estudyante sa pagpapalista sa mga pampublikong paaralan sa antas na elementarya at sekundarya dahil lamang sa katayuan ng kanilang pagka-mamamayan o imigrasyon, o ng sa kanilang mga magulang o tagapangalaga. Dagdag pa rito, hindi maaaring humingi ang mga distrito ng impormasyon sa layunin o hinahangad na resultang ipagkait ang pampublikong pag-aaral dahil lamang sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan.Upang tulungan kayo na magampanan ang mga obligasyong ito, naglista kami sa ibaba ng ilang halimbawa ng mga kalakaran sa pagpapalista na pinapayagang gawin, gayundin ng mga halimbawa ng mga uri ng impormasyon na hindi maaaring gamitin bilang basehan ng ipagkait sa estudyante ang pagpasok sa paaralan.

Upang matiyak na ang mga serbisyo nito sa edukasyon ay matanggap lamang ng mga residente ng distrito, maaaring kailanganin ng distrito sa mga estudyante o sa kanilang mga magulang na magbigay ng katibayan ng pagiging residente sa nasasakupan ng distrito. *Tingnan , e.g.*, *Martinez v. Bynum*, 461 U.S. 321, 328 (1983).[1]Halimbawa, maaaring kailanganin ng isang distrito ang mga kopya ng singil sa tubig at telepono o mga kasunduan ng mahabang pag-upa upang mapatunayan ang pagiging residente.Bagaman at maaaring ang mga residente lamang ng distrito ang tatanggapin, ang pag-uusisa sa pagka-mamamayan ng estudyante o sa katayuan ng imigrasyon nito o ng mga magulang nito o tagapangalaga ay hindi kinakailangan upang mapatunayan ang pagiging residente sa distrito.

Maaaring hingin ng distrito ng paaralan ang isang katibayan ng kapanganakan upang matiyak na nasasakop ang bata ng itinakda ng distrito na minimum at maximum na edad; gayunman, hindi maaaring harangin ng distrito ang estudyante sa pagpapalista sa mga paaralan nito dahil lamang sa isang katibayan ng kapanganakan na buhat sa dayuhang bansa. Dagdag pa rito, kinikilala namin na ang mga distrito ay may mga obligasyong Pederal, at sa ilang pagkakataon ay mga obligasyon sa Estado, na mag-ulat ng ilang datos tulad ng lahi at etnikong pinagmulan ng populasyon ng kanilang mga estudyante. Bagaman at hinihingi ng Kagawaran ng Edukasyon na ang mga distrito ay mangulekta at mag-ulat ng mga nasabing impormasyon, hindi maaaring gamitin ng mga distrito ang mga nakalap na impormasyon laban sa mga estudyante; ni ang pagtanggi ng magulang o ng tagapangalaga na ibigay ang hinihiling na datos ay hindi dapat magresulta sapagtanggi sa pagpapalista ng bata.

Gayundin, alam namin na maraming distrito ang hihingi ng social security number ng estudyante kapag nagpalista ito para magamit bilang numerong pagkakakilanlan sa estudyante (student identification number.)Hindi maaaring tanggihan ng distrito ang paglilista sa estudyante kung pipiliin niya (o ng kanyang magulang o tagapangalaga) na hindi magbigay ng social security number.*Tingnan* 5 U.S.C. §552a (note).[2] Kung piliin ng distrito na humingi ng social security number, ipahahayag nito sa indibidwal na ang pagsisiwalat nito ay boluntaryo, ibibigay ang nakasaad na batas o iba pang basehan na dahilan kung bakit hinihingi ang numero, at ipaliliwanag nito kung saan gagamitin ang numero. *Id.* Sa lahat ng pagkakataon na mangungulekta ng impormasyon at magrerepaso,

---

[1]Ang mga bata at mga kabataan na walang tirahan ay walang mga dokumento na karaniwang hinihingi sa pagpapalista sa paaralan tulad ng katibayan ng pagiging residente o mga katibayan ng kapanganakan.Ang paaralan na pinili para sa batang walang tirahan ay dapat kaagad na ilista sa batang walang tirahan, kahit hindi kayang ibigay ng magulang o ng tagapangalaga ang mga rekord na karaniwang hinihingi sa pagpapalista.*Tingnan* 42 U.S.C. § 11432(g)(3)(C)(i).

[2]May inilalaan ang batas Pederal na iilang limitadong hindi isinasama sa kahilingang ito.*Tingnan* Pub. L. 93-579 § 7(a)(2)(B).

mahalaga na anumang kahilingan ay ipatupad sa lahat ng estudyante nang parehas at hindi sa paraang namimili ng mga tukoy na pangkat ng mga estudyante.

Tulad ng itinala ng Supreme Court sa kilalang kaso ni *Brown v. Board of Education*, 347 U.S. 483 (1954), "kaduda-duda na sinumang bata ay makatwirang maaasahan na magtatagumpay sa buhay kung siya ay pinagkaitan ng pagkakataon na makapag-aral." *Id.* at 493. Ang dalawang Kagawaran ay nakatalaga sa mahigpit na pagpapatupad ng mga Pederal na Batas para sa karapatang pantao na binalangkas sa itaas at sa paglalaan ng anumang teknikal na tulong na makaka-ayuda sa inyo upang ang lahat ng mga estudyante ay mabigyan ng pantay-pantay na pagkakataon sa pag-aaral. Bilang mga mabilisang hakbang, una ay maaari n'yong repasuhin ang mga dokumento na hinihingi ng inyong distrito para sa pagpapalista sa paaralan upang matiyak na ang mga hinihiling na mga dokumento ay hindi magiging sanhi ng pagbaba ng bilang ng mga nagpapalistang estudyante sa paaralan. Pangalawa, sa pamamaraan ng pagtataya kung sumusunod kayo sa batas, maaari ninyong repasuhin ang mga datos ukol sa pagpapalista sa  Estado at sa distrito.Ang kahina-hinalang pagbaba ng enrolment ng alinmang grupo ng mga estudyante sa isang distrito o paaralan ay maaaring tanda na may mga hadlang sa kanilang pagpasok na dapat ninyong lalo pang imbestigahan.

Mangyaring makipag-ugnay sa amin kung mayroon kayong anumang tanong o kung maaari namin kayong bigyan ng tulong upang matiyak na ang inyong mga programa ay sumusunod sa batas Pederal. Maaari kayong makipag-ugnayan sa Kagawaran ng Katarungan, Dibisyon para sa mga Karapatang Pantao, Bahagi para sa mga Pagkakataon sa Edukasyon, at sa (877) 292-3804 o sa education@usdoj.gov, o sa Tanggapan para sa mga Karapatang Pantao sa Kagawaran ng Edukasyon (OCR) sa (800) 421-3481 o sa ocr@ed.gov.Maaari din kayong bumisita sa http://wdcrobcolp01.ed.gov/CFAPPS/OCR/contactus.cfmsa tanggapan na nagpapatupad ng OCR na naglilingkod sa inyong lugar. Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa pantay na karapatan sa pampublikong edukasyon, mangyari lamang bisitahin ang aming mga website sa http://www.justice.gov/crt/edo at http://www2.ed.gov/about/offices/list/ocr/index.html.

Inaasahan namin na ang pakikipagtulungan ninyo. Maraming salamat sa inyong atensiyon sa bagay na ito at sa paggawa ng mga nararapat na hakbang upang matiyak na walang bata ang mapagkakaitan ng pampublikong edukasyon.

Tapat na sumasainyo,

| | | |
|---|---|---|
| /s/ | /s/ | /s/ |
| Russlynn Ali<br>Assistant Secretary<br>Tanggapan para sa<br>mga Karapatang Sibil<br>Kagawaran ng Edukasyon<br>sa Estados Unidos | Charles P. Rose<br>General Counsel<br>Kagawaran ng Edukasyon<br>sa Estados Unidos | Thomas E. Perez<br>Assistant Attorney General<br>Dibisyon para sa mga<br>Karapatang Sibil<br>Kagawaran ng Katarungan<br>sa Estados Unidos |